

## ANG PAARALAN – Unang bahagi

### Ang anak mo ba ay bagong dating sa Italya?

Ang paaralan sa Italya ay isang **karapatan** at tungkulin para sa lahat ng mga bata at kabataan **hanggang 16 na taon gulang**.

Para ilista mo ang iyong anak hihingin sa iyo ang kanyang codice fiscale at ang address ng tirahan, subalit kung wala ng mga ito gayunpaman karapatan mo pa rin na ilista siya sa paaralan.

Ang pagpalista sa paaralan ay isang **tungkulin** dahil sa Italya ay may **obbligo scolastico** (sapilitang edukasyon). Ang school year ay nag-uumpisa sa setyembre at natatapos sa hunyo ngunit maaari mong ienroll ang iyong anak sa anumang panahon ng taon

### Saang paaralan ko pwedeng i-enroll ang aking anak?

Pumunta ka sa paaralan na pinakamalapit sa iyong tirahan at itanong ang school secretary. Ang paaralan ay tutulong sa mga kinakailangan documento para sa pag-enroll. Maaari ding gawin lahat online, pero sa tumpak lang na panahon ng taon.

Tatanggapin ng paaralan ang iyong anak at susuriin ang kaalaman na binuo niya sa Bansang pinanggalingan.

**Dapat mong malaman na ang isang bata o kabataan ay maaaring pumasok sa kaukulang klase ng edad o, higit sa lahat, mauna ng isang taon o humigit ng isang taon, depende sa kanyang mga kaalaman.** Ang kaalaman sa wikang italyano ay hindi magkakaroon ng kaugnayan sa pag-susuri ng iyong anak. Halimbawa, kung ang iyong anak ay 7 taon maaring mailagay siya sa grade 2 o kaya sa grade 1 o grade 3. Para sa mataas na paaralan kailangan mapatunayan na ang iyong anak ay nakapag-aral na ng 8 taon sa kanyang bansang pinanggalingan.

Maaring mangyari na ang isang paaralan ay puno na o wala ng lugar sa mga bagong mag-aaral. Sa kasong ito ang paaralan ay maaaring tumulong sa iyo para humanap ng ibang paaralan kung saan pwede mong papasukin ang iyong anak

Maaari kang magtanong kung ang iyong paaralan ay gumagamit ng **mediatori linguistico culturale** (linguistic and cultural mediator) na pwedeng tumulong para punuan ang mga dokumento at maintindihan mong maigi ang iyong mga karapatan at tungkulin. Karamihang mga paaralan ay mayroon mga **kurso ng wikang italyano** na libre para sa mga dayuhan na mag-aaral.

Sa oras ng pagpapalista, itatanong sa iyo ng paaralan kung ang iyong anak ay gustong sumali sa leksyon ng **relihiyong katoliko** o kahaliling kurso. Ito ay **libreng pagpipilian** ng iyong anak.

Itatanong din sa iyo kung gusto mo siyang pakainin sa eskuwelahan. Malaya kang magdesisyon kung ililista mo siya sa **serbisyo mensa** o pakainin sa bahay. Ang mensa ng school ay nag-aalok ng kakaibang menu para sa mga studyanteng may allergy o may diyeta na may kaugnayan sa relihiyon o sa kalusugan. Ang halaga ng pagkain sa school canteen ay nakadipende sa kinikita mo, na maaari mong ideklara, may dokumento na tinatawag na **ISEE**. Mag-ingat ka dahil kung hindi regular ang iyong mga dokumento, hindi ka pwedeng humiling ng ISEE kaya ang servizio mensa ay automatik na kakalkulahin sa pinakamataas na presyo.